Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

**Pabatid Blg. 188, s. 2026**
Agosto 20, 2026

Alinsunod sa itinakdang *DepEd Order (DO) Blg. 8, s. 2013*, ang pabatid na ito ay inilalabas hindi bilang pag-eendorso, alinsunod sa *DepEd Order (DO) Blg. 28, s. 2001*, kundi bilang impormasyon para sa mga opisyal, kawani, at tauhan ng Kagawaran ng Edukasyon, gayundin sa mga kinauukulang mamamayan. (Mangyaring bisitahin ang www.deped.gov.ph)

**IKA-19 NA GAWAING KAPULUNGAN NG GATFILZON**

Kaugnay ng liham-paanyaya mula sa **Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon (GATFILZON)** at ng **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, ang mga guro at tagapagtaguyod ng Filipino sa mga paaralan sa Lungsod ng Tayabas ay hinihikayat na dumalo sa **Ika-19 na Gawaing Kapulungan** na gaganapin sa **Agosto 29, 2026**, sa **Mauban Gymnasium, Bayan ng Mauban, Quezon**, simula **ika-8:00 ng umaga**.

Kalakip ng pabatid na ito ang mga kaugnay na detalye hinggil sa nasabing gawain para sa kaalaman at kaukulang aksyon ng mga kinauukulan.

Hinihiling ang pinakamalawak na pagpapalaganap ng pabatid na ito.

CID- ika-19 na gawaing kapulungan ng gatfilzon
SDSCEJ93-000996/Agosto 20, 2026

**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Sangay ng Quezon
**Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon**
**(GATFILZON)**
Sec. No. 200900703
-----ooooooOoooooo----

17 Agosto 2026

**CELEDONIO BALDERAS JR.**
Pansangay na Tagapamanihala ng Paaralan
Lungsod ng Tayabas

Sa pamamagitan ni: Dr. Christian J. Bables
Pansangay na Tagamasid sa Filipino

Mahal na Pansangay na Tagapamanihala:

Pagbati ng Kapayapaan!

Ang **GATFILZON** (Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon) katuwang ang SDO-Quezon at Komisyon sa Wikang Filipino(KWF), ay magsasagawa ng ika-19 na Gawaing Kapulungan sa **ika-29 ng Agosto 2026** na gaganapin sa **Mauban Gymnasium, Mauban Quezon** na may temang **"GATFILZON sa Ika-19 na Taon: Katuwang ang KWF at DepEd Quezon sa Pagtataguyod ng Wikang Filipino at AI Bilang Instrumento sa Pananaliksik at Daluyan ng Inklusibo at Tapat na Impormasyon para sa De-kalidad na Edukasyon"** Layunin ng kapulungan na higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga gurong Quezonian sa Pananaliksik at paghahatid ng angkop at inklusibong impormasyon gamit ang Wikang Filipino sa tulong ng responsableng paggamit ng AI.

Magiging tagapanayam po ang Tagapangulo ng Komisyon ng Wikang Filipino; Atty Marites Barrios-Taran at G. Bryan A. Pobe, Panrehiyong Tagamasid sa CALABARZON.

Kaugnay nito, malugod po namin inaanyayahan ang mga guro ng Filipino sa Sangay ng Tayabas upang maging kabahagi sa nasabing gawain. Ang kanila pong pagdalo ay bouluntaryo para sa makabuluhang ugnayan sa mga kaguruang Quezonian at matuto sa pagtalakay ng mga tagapanayam batay sa nabanggit na tema.

Ang inyo pong pagtugon ay malaki ang maitutulong sa ikatatagumpay ng ika-19 na Gawaing Kapulungan ng GATFILZON. Maraming salamat po at patuloy nawa tayong pagpalain ng Poong Maykapal.

Para sa mga katanungan o paglilinaw maaari po kayong makipag-ugnayan kina:

Elizabeth R. Zeta
CP No.: 09605390372
email: zetaelizabeth9@gmail.com

Joseph E. Jarasa
CP No. 09685521143
joseph.jarasa@deped.gov.ph

Lubos na Gumagalang,

JENNIFER A. GARCIA
Nanunumparang Pangulo ng GATFILZON

ELIZABETH R. ZETA
Konsultant-GATFILZON

JOSEPH E.JARASA
Superbisor ng Programang Pang Edukasyon-Filipino